

KEYNOTE

ARAL NG DAGAT: BAYBAYIN NATIN ANG DAANG MATUBIG NOON, NGAYON AT BUKAS¹

Cynthia Neri Zayas

Lupa at tubig ang larawan ng ating bayan. Ang daan-daang isla at mga wika nito ay pinagdurgtong ng mga ilog at malawak na karagatan. Ang arkipelago natin ay daanan at himpilan ng sari-saring banyaga mula sa Dagat Pasipiko at Dagat India. Maliban sa kalakal, dala nila ang kanilang paniniwala, kaugalian, wika, atbp. Naging makulay ang ating kinabuhi. Ang hanging habagat at amihan ang siya namang sangkap na nagpatindi sa halo ng tagalabas at loob ng bayan-bayanan. Ito ang Pilipinas bilang landas na matubig sa nakaraang panahon noon. Subalit nang tayo ay tumalikod sa ilog at dagat, naging masalimuot ang ating kinabuhi. Sa ganitong sitwasyon, paano matutugunan ang suliranin ngayon tungo sa mas angkop na kinabuhi na may paggalang sa ating kapaligirang matubig? May sagot ang mga Mawe mula sa Dagat Andaman: “Kapag inilubog mo ang iyong ulo sa tubig, maririnig ang tinig ng mga ninuno. Kung sila ay mangusap, manahimik at pakinggan ang kanilang dunong.” Kayo?

Panimula

Naggradwyet ako sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) apat-na-pung taon na ang nakaraan. Ang aming batch ang pinakabugbog sa epekto ng martial law (1972-1981). Dahil sa panahong ‘yun, halos lahat ng estudyante ay aktibista. Marami sa amin, hindi nakagradwyet sa takdang panahon. Ako, nagkamping sa Japan n’ung unang semestre ng 1970-1971, at gragradwyet na sana, pero

¹ Pananalitang keynote sa ika-37 na taunang kumperensya ng UGAT / ika-7 na pambansang kumperensya ng Philippine Geographical Society- “*Dagat ug Kinabuhi: Maritime Cultures, Spaces, and Networks*”, Silliman University, Dumaguete City (22-24 October 2015).

nagkamalaria. Si Bibeth Orteza, nagtago dahil tinuturo daw siya ni S. P.² Marami din sa amin ang namundok. Si Amina Rasul, bumalik sa isla. Taga-Sulu si Amina. Kaya't balik-isla siya. Sa una, di ko maintindihan ang pagbalik-isla ni Amina. Kasi palagi na lang sinasabi namin, namundok. Klaro kay Amina na isla ang kanyang hometown. Ilan kaya sa atin dito ang may ganitong kamulatan na magpapaisla? Bakit? Kasi kulang daw ang Pinoy sa kamalayang taga-isla siya. Sabi nga ni Propesor Juanico ng University of the Philippines (UP) Diliman, ang mga Pinoy daw ay nagtataglay ng *geographic illiteracy*, mangmang sa heograpiya. Aniya:

Filipinos have a dismal knowledge of their physical geography, and one crucial aspect of this disciplinary branch that our educational system has failed to stress is our marine environment. Within our baselines, the area of our archipelagic waters is 171,146 square miles; in comparison, our land area is only 115,830 square miles. If we consider our archipelagic waters together with those within our 200-mile EEZ, these would add up to 691,233 square miles, or about six times bigger than our terrestrial domain! Indeed, we are a water world! (Juanico 2015: par. 4).

Sino ba sa atin ang mangmang sa ating karagatang paligid? Baka 'yung mga nag-aaral lang sa eskwela. Sa pagkaalam ko, ang Tagalog sa baybayin ng Cavite at Bajau ng Sitangkai ay may malalim na kaalaman sa dagat at heograpiya. Ayon sa isang Bajau:³

Ang Bajau ay parang isda
 pumupunta sya sa iba't ibang lugar
 Wala syang pasport, hari ng dagat
 Kung saan may pagkain
 D'un siya papunta tulad ng isda
 Ang isda kung saan-saan nagtutungo.

Ang sabi naman ng isang Kabitenyo:⁴

² Ang binabanggit na S. P. ay si U.P. President Salvador P. Lopez, na presidente ng Unibersidad nang ideklara ang batas militar. Nakasanayang tawagin siyang S.P., na buhat sa kanyang pangalan at middle name.]

³ Sipi sa panulat ni Zayas (2014).

⁴ Si Winnie Olano, na nuon ay 39, ng Maragondon, ang siyang nakausap ko. Ang salitang Kay Byang ay pangalan ng lugar na ginamit din sa bagong bukas na tunnel nagdurugtong sa huling sitio ng Ternate sa tanging baybaying sitio ng Maragondon.

Ang mamamayan ng Kay Byang [Maragondon, Cavite]
 Paraiso pagkatapos ng bagyo
 Isda, pusit, lamang-dagat malapit sa baybay
 Manalubong ka sa banka (ng mangingisda)
 may ulam ka na, may pambigas at may pambenta pa.
 Ang isdang-alat, pag dinala mo sa tabang, mamamatay
 Katulad rin naming mamamayan.

Sabi nga ng Bajau, tulad ng isda, di nila kailangan ang pasaporte. Kung nakikita natin sila ngayon dito sa kaMaynilaan, nagtutulak ng basurahan, nagpapalimos, nagtratraysikel drayber, at iba pang manwal na gawain. Ito ay dahil sa napirata ang kanilang tirahang bangka. Ang Tagalog at Bajau ay may malalim na kaalaman sa dagat kaya nga lang ay hindi na muna nila magagamit ito dahil may nagnahahari-harian na sa baybayin at dagat. Meron tayong katangiang kaalaman sa dagat dahil na rin ito ang kinagisnan ng ating ma ninuno na siya naming pinamana sa atin. Balik-tanawin natin ang dahilan nitong ating kakulangan sa kamalayan sa kasalukuyan.

Isang daan taon mahigit na n'ung unang ituro ni Prop. H. Otley Beyer⁵ ang antropolohiya sa lumang kampus ng Unibersidad ng Pilipinas sa Maynila. O isang siglo na ang tradisyon ng pag-aaral sa mga tao sa Pilipinas, bagkus meron itong bayas [*bias*] sa mga umpok ng mga etnolingwistikong di-Kristyano, pero nakatutok sa mga taong naninirahan sa bundok o sa mga di-Kritiyanong grupong naninirahan sa bulubunduking pook ng Pilipinas. Paano naman kaya 'yung mas maraming nakatira sa isla at baybaying pook? Gusto kong sipiin dito na noong 1582, isang perseptikbong tagapagsalaysay, si Miguel Lopez de Loarca, ang nakapansin sa dalawang uri ng mga taong naninirahan sa Pilipinas: mga tao sa bundok at mga tao sa baybayin o patag.

May dalawang uri ng tao sa lupaing ito, na bagamat pareho ng lahi ay medyo nagkakaiba sa kanilang mga kostumbre, at halos palangiang hindi magkasundo. Isang uri ang naninirahan sa baybayin, ang isa pa ay naninirahan sa kabundukan. Kung parang may kapayapaan sa kanila, dahil umaasa sila sa isa't isa para mga pangangailangan sa buhay. Hindi mabubuhay ang mga nasa bundok ng walang isda, asin, at iba pang uri ng makakain, at ng mga banga at pinggan, at iba pang produkto mula sa ibang

Naging kontrobersyal ang baybay na tirahin nina Winnie at sampu ng kanyang kaanak nang nabuksan na nga itong tunnel. Ang tunnel ang naging susi sa mga resort ng Batangas para sa mga dumadaan sa bayan Kabite.

⁵ Caccam (1965). Labimpitong estudyante ang nakaenrol nuong pangalawang semestre ng taong akademiko 1914-1915.

komunidad. Gayundin, hindi mabubuhay ang naninirahan sa baybayin kung walang bigas at bulak ng mga tagabundok.

Walang duda, napag-iwanan ng ating araling antropolohikal ang uring naninirahan sa baybayin dahil sa pagkiling sa pag-aaral sa mga di-Kristiyanong tribu. Naging Kristiyano na ang mga tao sa patag nang dumating ang mga Amerikano para kolonisahin ang ating arkipelago. Ito ang dahilan kaya pinasasalamat ko ang ating UGAT sa pagkonsidera sa kultura, lipunan, at kasaysayan ng ating mga taong-dagat (taong maritimo) bilang tema ang ika-38 taunang kumperensiya ng UGAT [Ugnayang Pang-Agham Tao] at PGS [Philippine Geographical Society]. Sa wakas, pagkatapos ng 38 taon ng pagkukumperensiya, pinag-uusapan na natin ang ating *dagat ug kinabuhi*.

Layunin

Nais ko sanang pukawin ang inyong natutulog na kamalayang maritimo sa pamamagitan ng tatlong mahahalagang sors [*source*] ng kamalayang ito: paniniwala, pagkain, at batayan ng ating pamayanan nang sa gayun ay manumbalik, hari nawa, ang dinamikong kaisipan sa paglutas ng mabibigat na suliranin ng bayan. Nais ko ring ibahagi dito ang kawing-kawing na relasyon ng sari-saring gamit pangingsida na nagsasaad na ang Filipino ay may malalim na kaugaliang bahaginan o kumon na nagmumula sa paggamit ng dagat.⁶

May tatlong bahagi ng papel na ito:

1. Dagat ug kinabuhi – kamalayang maritimo
 - a. Sinaunang paniniwala at praktika – paglalayag sa kabilang buhay
 - b. Ulam/isda – ang dagat bilang mapagkukunan ng pagkain
 - c. Balangay – sasakyang-dagat at bayan-bayanan din
2. Panacot-takot, atob, atoll, atbp. – ang ‘kumon’ sa dagat
3. Aral ng dagat

Dagat at kinabuhi sa kamalayang maritimong Filipino

Magbibigay ako ng tatlong halimbawa na magpapakita ng relasyon ng dagat sa buhay ng Filipino – paniniwala hinggil sa kabilang buhay, pagkaing Filipino na nakaugat sa laman-dagat, at ang pagtingin sa dagat bilang komon na lugar, o pangisdaan.

⁶ Talagang karangalan sa akin na ibahagi sa inyo itong pangunahing lektur dahil kinilala ninyo ang pagsisikap ko sa nakaraang 30 taon tungkol sa maritimong araling antropolohikal sa Pilipinas, Japan, Sabah, at Taiwan.

Sinaunang paniniwala. Ang paglalayag sa kabilang-buhay ay pinapatunayan ng bangang Manunggul mula sa Palawan. Ang daloy ng buhay sa mundo ng mga maritimong populasyon sa isla ng Mindanao at Visayas ay umikot sa paglalayag. Naniniwala ang mga sinaunang Palawan na ang kamatayan ay isang biyahe rin patungo sa kabilang mundo na kailangang bagtasin sa pamamagitan ng sasakyang pandagat. Ito ay pinatunayan ng 50,000 BC-taong takip ng bangang nahukay sa Tabon Cave sa Quezon, Palawan (Fox 1970) na tinaguriang banga na Manunggul.⁷ Ang takip ng banga ay may nakapatong na pigura ng dalawang taong namamangka. Sabi nga ni Robert Fox (tingnan din ang Zayas 1998):

Ang bangang Manunggul ay walang katumbas sa Silangang Asya. Isa itong artistikong produkto na nagbibigay-halimbawa sa koneksyon ng arkilohiya na nakaraan at etnograpikong kasalukuyan. Kung susurin ang pigura, ang dalawang taong namamangka ay parehong may tali sa ulo, isa ring kinaugaliang bahagi ng paglilibing sa mga katutubong Palawan. Ang pagkatiklop ng dalawang kamay na paekis sa dibdib ng taong nasa harap ng bangka ay isa ring kaugalian sa pagsasaayos ng bangkay. Ang nakaukit na mukha sa harap ng bangka ay makikita pa rin sa tradisyunal na sasakyang pandagat ng ilang katutubong populasyon ng arkipelago ng Sulu, Borneo, at Malaysia. Ang pagkakapareho din ng pagguhit ng tenga, mata, at ilong sa mga pigura ay makikita hanggang ngayon sa Taiwan, Pilipinas at Timog Silangang Asya.

Ang takip ng bangang Manunggul ang pinakalumang ebidensya ng paniniwala ng mga Filipino tungkol sa paglalakbay ng kaluluwa sa kabilang-buhay.

Ulam/isda – ang dagat bilang mapagkukunan ng pagkain. Sa susunod na halimbawa, ipapakita ko na nakatuon sa oryentasyon maritimo o makadagat ang Filipino maging sa ideya ng kanyang ‘ulam.’ Dito sa ilang halimbawa, ang matabang na kanin ay karaniwang pinaparisan ng may lasang ulam na kung tawagin sa ibang lugar ay ‘isda.’ Samakatuwid, ang salitang ulam ay may katumbas na salitang ‘isda.’ Tunghayan natin itong aking salaysay.⁸

⁷ Ito iyong nakalagay sa dating isang libong pisong papel na pera.

⁸ Ibahagi ko lang ito sa inyo: hindi lahat ng mga wika ay nakahanay sa ganitong modelo, bagkus ang salitang ulam sa mga Pintubo Ayta ay ‘gulay’ at ang gulay naman ay ‘latɔng’ na siya namang ‘gulay’ din sa Ilokano.

Sa kultura ng pagkaing Filipino, ang salitang kanin at ulam ay mga kategoryang nagpapakahulugan sa kabuuan ng larangang semantiko ng gastronomiyang Filipino. Lahat ng bagay na napapailalim sa kategorya ng kanin ay tanging makikita sa mga produkto mula sa halaman, habang ang kategorya ng ulam naman ay maaaring mga produktong halaman at hayop. Ngunit sa pakilasa ng marami, kung may pagpipiliang mas bagay sa kanin, ito ay ang mga produktong mula sa hayop.

Depende sa lugar, ang kanin ay maaaring butil tulad ng palay, mais, at rawut (*millet*); o halamang-ugat tulad ng gabi, ube, kamote kahoy, at tuge; at mga bunga tulad ng rimas at saging. Ang ulam ay kadalasang mula sa hayop: maaaring isda, karne o insekto.

Tingnan natin ang lingwistikong dekonstruksyon ng salitang [isda], na ibig sabihin ay isda at/o ulam, at karne.

*isəda?	Proto-Philippine form ng isda	'isda, ulam, karne'
---------	-------------------------------	---------------------

Salita	Grupong Etnolingwistiko	Kahulugan
ʔisirá	Itawes, Isinai	ulam
ʔisirá?	Tagalog, Waray, Sebuano, Tausog	isda
ʔisira?	Aklanon, Buhid (Mangyan)	isda
ʔsčá	kalinga, Bontoc	karne
sirá	Pangasinan	isda, ulam
sirá?	Naga (Bikol)	isda
sərá	Bukidnon	isda
šərá	Subanon	isda
silá	Virac (Bikol)	isda
sə'lá?	Tagbanwa	isda
sidá	Ilokano	ulam
səldá?	Maranaw	isda

Mula sa salitang 'ulam,' na maaaring nasa porma ng isda o karne ay makikita natin ang maritimong oryentasyon ng ating kultura sa pamamagitan ng pagbubuo muli ng semantikong Proto-Filipino. Ang salitang 'isda' ay nakabatay sa 18 wika sa Pilipinas. Batay sa mga datos na nakalap, may tatlong erya o grupo na nagbibigay ng iba't ibang pagpapakahulugan sa salitang 'isda.' Ayon sa mga Kalinga at Bontoc ng Cordillera, ang isda ay katumbas ng karne. Sa Hilagang Luzon, sa bandang baywang at paanan ng Cordillera, ang kahulugan ng 'isda' ay ulam sa mga salitang Ilokano, Pangasinense, Itawis, at Isinai. At sa Katingugan at Gitnang Luzon hanggang

sa Bisaya at Mindanao, na siyang gumagamit ng mga salitang Tagalog, Naga (Bikol), Virac, Uhid, Tagbanwa, Aklanon, Waray, Sebuano, Bukidnon, Subanon, Maranao at Tausog, ang 'isda' ay isda. Batay sa heyograpikong distribusyon ng pangpakahulugan ng salitang 'isda,' ang maritimong oryentasyon ay lapat sa kontemponeong pamumuhay ng mga grupong etnolingwistiko na nabibilang sa ikatlong grupo.

Balangay – ang sasakyang-dagat na naging bayan-bayanan. Estrategiko ang lokasyon ng arkipelago ng Pilipinas sa mga maritimong lakbay-daluyan ng Asya at Pasipiko. Ang mga kasaysayan ng mga taga-isla ng Pilipinas ay sinasabing inilunsad ng mga manlalakbay na dumaong sa mga pulo, humihimpil sa mayayamang baybaying mababaw, at sumisisid pa sa malalalim na bahagi ng dagat sa pagitan ng mga isla. Nalaman natin sa mga teksbuk na dumating ang mga ninuno natin sakay ng mga balangay atbangka, at itinatag ang mga bayan sa mga pamayanang tinatawag sa pangkalahatan bilang mga barangay din. Hanggang ngayon, ang ilang bayan sa timog Pilipinas ay nagpapakita ng katulad na kaayusan ng pamayanan na naitala mahigit 500 taon na ang nakakaraan.

Halos higit sampung taon na ang nakaraan nang una akong mag-reserts sa mga Sama d'laut o Bajau ng Tawi-tawi. Batay sa mga datos na aking nakalap, naisip ko na ang balangay na bangkang sinakyan ng ating mga ninuno ay naging batayan din ng kanilang pagkaorganisa bilang bayan-bayanan, na hawig sa pangkasalukuyang kaayusan ng pamumuhay sa Sitangkay, Tawi-tawi (Zayas 2014). Bagamat higit pa sa 500 taon nang naisulat ang tungkol sa barangay bilang bangka at pamayanan, sa halimbawa ng Sama d'laut sa Sitangkai, napag-alaman natin kung paano ito nabubuo.

Ang ibig sabihin ng *kauman* o *kawman* ay 'pangkat ng tao, isang angkan' (<Arabic *qaum*, na gayon din ang kahulugan). Sa Sama, ang salitang *kauman* (<*kaum* + *-an*) ay nangangahulugan ng 'isang teritoryo o pamayanan' kung saan itinuturing ang isang angkan bilang kasingkahulugan ng pangkat. Kung isang pangkat ng tao ang kahulugan ng *kaum* sa Arabic, nabago ang *kauman* sa Sinama para mangahulugan ng isang pangkat ng tao na naninirahan sa isang pook. Kung gayon, paano nabuo ang *kauman*? Sa wikang Badjau ng Sinama, ang termino sa nuklear na pamilya ay *magdanakan*. Nagkikita-kita sa pana-panahon itong mga *magdanakan* sa isang komun na daungan na tinatawag na *kawman*. Siguro, tinutukoy dito ang isang pangkat ng mga taong dumadaong. Tinatawag ang pook-daungan bilang *alabu*. Sa isang *dakampungan* (<*da-* + *kampung* + *-an*), ang mga pamilyang magkakamag-anak, *dalalah*, na sinusundan ang kanilang pinag-ugatan sa isang komung ninuno, *dapu-unan*, ay karaniwang nagsasama-sama

upang makabuo ng isang tila ‘pamayanan.’ Ang terminong *dakampungan*, sa mga wikang Tausug, Bajau ng mga arkipelagong Sulu at Tawi-tawi, sa pangunahin ay tumutukoy sa lahat ng taong itinuturing ng isang indibidwal bilang kamag-anak, mapatunayan man o hindi itong pagkakaugnay.

Sa kasaysayan ng pagkabuo ng mga pamayanan sa Pilipinas, ang kapitan ng barko ay nagiging pinuno kapag nagdesisyon na silang manatili sa isang pook. Totoo rin ito sa pamayanang Sitangkai kapag ang mga naninirahan sa mga bangka ay nagsimulang permanenteng manirahan sa isang pook sa mas matagal na panahon. Ayon kay Hj. Musa Malabong, ang mga orihinal na pinuno ng *kauman* ay ang *nakurah* o *nakhoda*. Nang maitalaga ang Sultanato sa Jolo, nakilala sa tawag na *Panglima* ang pinuno ng bayan. Ang isang mas nakatatandang lalaki, itinuturing ang *nakurah* kapwa bilang manggagamot at pinuno ng kanyang mga mamamayan. Sa katotohanan, inaasahan na may taglay siyang *jinn*, isang espiritung tagapagtanggol ng komunidad. Puwede niyang protektahan ang komunidad mula sa mga kalamidad at epidemya sa pamamagitan ng kaniyang *jinn*. Isa ring mahusay na mandaragat ang isang lider na may mataas na kaalaman sa nabigasyon, pangisdaan, mga paraan, at atas sa kanyang mga tripulante. Siya rin ang tagapag-ayos ng mga hidwaan, at namumuno sa mga seremonya sa kasal, tuli, binyag, atbp. Sa mga Sama d’laut, kinikilala pa rin ang isang *nakurah* bilang pangkalahatang lider ng komunidad. Hiniram mula sa Farsi *nakhoda* (kapitan ng isang sasakyang dagat), ginagamit din ang termino sa Sanskrit at Arabic na halos gayon din ang pakahulugan. Sa pagkaunawang Sama d’laut, nangangahulugan ito bilang kapitan ng sasakyang dagat, mangangalakal, manggagamot, at pinuno ng pamayanan.

Panacot-takot-atob-atoll atbp – ang ‘kumon’ sa dagat

Sa kabanatang ito, ipapakita ko kung paano ang mga salitang gaya ng panacot, takot, atob, at iba pang mga sinaunang kasangkapang pangisda ay nagsasabi sa atin ng paraan kung paanong ang mga ideya, tulad ng *commons* o kumon, ay naging pinagmumulan ng gabay sa pakikinabang sa karagatan para sa mga taong nangangailangan o gumagamit dito.⁹ Sa ganitong paraan, maikukuwento, maiuugnay, at maipapaliwanag natin ang ilang mga pangyayaring kinakaharap ng ating henerasyon. Halimbawa, paano ba haharapin ang usapin tungkol sa West Philippine Sea (Kanlurang Dagat ng Pilipinas), ang trapiko sa Maynila, hindi mapigil na paglawak ng mga lungsod, atbp? Hayaan ninyong ipakilala ko sa inyo ang sinaunang shoal ng Panacot at ang prehistorikong batong bitag na pandagat (stone tidal weir) na tinatawag nating atob, at sa dulo ay tatalakayin ko ang dalumat ng *commons*

⁹ [cf Zayas 2011, 2009, 2004].

o kumon bilang resulta ng dekonstruksyon ng mga kahulugan at gamit ng mga dating ideya tungkol sa panacot, atob, at iba pa.

Mula sa mapa ng 1734 ng Heswitang paring si Jose Murillo Velarde, makikita natin ang isang pangalan ng pook, ang Panacot na katumbas sa kasalukuyan ng Scarborough Shoal. Alam nating katotohanan na mga dalawang taon na ang nakakaraan, hinarang ng Tsinong coastguard ang ating mga mangingisda mula sa Zambales, Pangasinan, at Ilocos na mangisda sa loob at labas ng shoal (takot). Balikan natin ang salitang takot. Katumbas sa Bisaya ng *shoal* ang salitang takot. Nagmula ang pangalan ng pook na panakot sa paN (instrumental marker) + (t)akot, na ibig sabihin ay ‘gawin ang takot’ o ‘mangisda sa takot.’ Batay ito sa deribasyon sa aking mga pag-aaral sa tradisyon ng pangangisda sa Dagat Bisaya mahigit 20 taon at hanggang mga tatlong taon na ang nakakaraan, kabilang ang mga pag-aaral na nagawa ko tatlong taon na ang nakakaraan. Ito ang naisulat ko noon:

Makikita ang pinakamayamang mga takot (shoals) sa kanlurang bahagi ng Dagat Bisaya. Matagal nang umaakit ito ng mga mangingisda patungo sa Gigantes. Maiintindihan kung bakit bihirang kailanganin ng mga mangingisda sa Gigantes na dumayo pa sa ibang pook na mapapangisdaan. Ang mga bingwit (handline), maramihang bingwit (troll lines), mahahabang bingwit (longlines), fishpots, pagsibat, at pagsisid ay ginagawa sa mga takot na ito na may mga pangalang Sebuano (Seb.) o Hiligaynon (Hil). Ikinabit ng mga mangingisda ang ilang katangian o pangyayari sa mga tiyak na takot. At makikita ito sa mga pangalang ibinigay sa *takot*. Halimbawa, ang mga takot na lumilikha ng mga emosyon ay tinawatag na *kamingawan* (Seb. kalungkutan), mula sa *mingaw* at *kalipayan* (Seb. kaligayahan mula sa *lipay*). Pinapangalanganan din ang takot batay sa mga namumukod na katangian tulad ng *tunga* (Seb, nangangalahati ang layo, ibig sabihin ‘nasa pagitan ng dalawang pulo’), *takot dalum* (malalim na takot), *takot nabaw* (mababaw na takot), *takot dyutay* (maliit na takot), *kalaparan* (malapad), *tambubu* (Hil. ‘hugis tulad ng isang bodega ng palay, na simbolo ng kasaganaan).

Ang lingwistikong relasyon ng atob at takot. Ang takot ay maaaring pinarisan ng mga sinaunang ‘atob’ na maipapakita ng atob-atob, panihod, panapok o pangatob. Sa gitna ng dagat, ang takot ay siyang nagbibigay-tahanan sa mga isda, lalo na iyong mga isdang bato at iba pang laman-dagat. Ang ideya ng fish aggregating device (FAD) ay maaring nagmula sa mga obserbasyon ng sinaunang mangingisda sa kanilang pakikipagsapalaran sa mga takot, lalo na ‘yung mga malalapad, tulad ng Tubbhataha. Ang banahan

(drive-in net) ng mga Sama dlaut o Bajau ay nagpapakita ng kuwento sa pinagmulan ng atob sa mga isla ng Penghu sa Taiwan Straits. Sa mga susunod, ilalarawan ko ang mga nasabing posibilidad ng matalinong obserbasyon ng mga sinaunang mandaragat.

Mga konkretong bitag ng isda ang atob na ginawa sa mga paunti-unting nakahilig na takot (Fig. 1). Ginawa ito sa hugis ng sapatos ng kabayo o medyo pakurba, nasa gayong hugis para kapag tumaas ang tubig-dagat, dadaloy ito lagpas sa mga tumpok ng bato, kaya nabibitag ang mga laman-dagat kapag bumaba na muli ang tubig-dagat. Sinasabing ginagaya nito ng likas na hukay sa dagat na puwedeng mapagpulutan ng kahit sino ng laman-dagat kapag bumaba ang tubig. Inilalagay ang taun o ang ‘bukanang bibig ng bitag’ papunta sa pinakamalalim na bahagi ng nakahilig na baybay-dagat.

Sa karamihan ng mga wika sa Pilipinas, ang salita para sa *stone* ay ‘bato’ o ‘batu.’ Ang atob, isang metatisisadong (paglilipat) anyo ng bato, ay isang batong bitag pandagat sa maraming wika sa gitnang Pilipinas. Nag-iiba ang termino para sa bitag pandagat sa bawat pook. Halimbawa, *atob* ito sa Sebuano at Ilongo; *atol* sa Kuyunon at Ilongo, *atog* sa Karay-a, at *antol* sa Sebuano. Bukod pa dito, may dalawang iba pang terminong kogneyt na nagpapahiwatig ng parehong batong materyal, tulad ng *atuy* o *atoy* sa mga wikang Batanes para sa batong pader, at *ator* sa Ifugao para sa malalapad na bato na makikita sa lahat ng bayan-bayan at ginagamit na pahingahan at/o tanawan, at sa Maranao, simpleng *bato* ang ibig sabihin nito. Sa pananaw na linggwistiko, masasabi nating ang batong bitag na pandagat ay konektado sa ideya ng salitang Ingles na *atoll*. Narito ang ilang depinisyon: “Ang atoll ay...pabilog na ayos ng batong koral o grupo ng batong koral na nakapalibot sa isang lawa-lawaan” (Collins Cobuild English Language Dictionary 1987), o “pabilog na ayos ng mababang isla ng koral na nakaligid sa gitnang lawa-lawaan” (Leet 1982). Ang etimolohiya ng atoll ay masusundan sa salitang “atolu ng Maldivan, sa batayan ay isang wikang Malayan...” (Patridge 1961). Mula sa Concise Etymological Dictionary of Modern English (1952), galing ang atoll sa salitang Maldivian na *atolon* o *atoll*. Sa deribasyong linggwistiko:

PL* *batuq* > (Ilongo, Sebuano) *atob* (Karay-a) *atog* (Sebuano) *antol* (Maldivan), *atol* / *atolon* / *atolu* > English atoll

Galing sa Proto-Philippine language (PL*) *batuq* ‘stone,’ *atob* at iba pang kahaliling anyo, *atog*, *antog*, *atol* sa wika sa Gitnang Pilipinas, gayundin ang *atuy/atoy* at *ator* sa mga wika sa Hilagang Pilipinas at isang wika sa Timog Pilipinas, at masasabing kaugay ng Ingles na atoll, na sinasabing galing sa *atoll/atolon*, isang salitang Austronesian.




Figure 1. Ang Proto-Malayo-Polynesian *būbu ay pareho sa salitang Aklanon para sa bitag sa isda.





<p>atob</p> <p>Atob-atob</p> <p>Pangatob > paN+atob 'tumpok(?)'</p> <p>-atob > bato (metathesized)</p> <p>Panihod > sihod 'sahod'</p> <p>Pangapok > paN+tapok 'tumpok'</p> <p>[paN+ instrumental]</p>	<div style="display: flex; justify-content: space-between;"> <div style="width: 48%;"> <p>1</p>  <p>Atob-atob Nisi Banaybanay, Bgy. Loooc, Dumaguete City. 1996 Photo by CNZayas</p> </div> <div style="width: 48%;"> <p>2</p>  <p>Panihod From the root word sihod, a cane basket with square bottom used to trap fish driven away from a pile of stone like a fish shelter. Set-up in knee deep water. During low tide, stones are turned to drive fish away towards the opening of the basket lying on the bottom beside it.</p> </div> </div> <div style="display: flex; justify-content: space-between; margin-top: 20px;"> <div style="width: 48%;"> <p>3</p>  <p>The dimension varies, i.e. the deeper the water the larger the mound becomes. The tapok or atob when assembled is left for a week to attract fish. On the day of pangapok, a double net is dropped to encircle the tapok, from a small banca.. When the net is securely anchored at the bottom, 5 divers dismantle the tapok then throw the stones outside the net. The fish then flee towards the net. As soon as all stones are gone, the net hurriedly pulled up to the banca. The stones are re-assembled in a nearby spot for another week of pangapok.</p> </div> <div style="width: 48%;"> <p>3</p>  <p>Pangapok or pangatob Pangapok is derived from paN+ tapok from paN, instrumental affix and tapok 'pile'. Pangatob > paN + atob from atob 'pile of stone'. To construct a fish shelter, 4 or 5 divers assemble a pile of stones in a 2.5 fathoms deep water. This pile will be 2 meters high and a diameter of 2.5 meters. The dimension varies, i.e. the deeper the water the larger the mound becomes. To construct a fish shelter, 4 or 5 divers assemble a pile of stones in a 2.5 fathoms deep water. This pile will be 2 meters high and 2.5 meters in a diameter.</p> </div> </div>
--	---

Figure 2. 1) Atob-atob, Nisi Banaybanay, Barangay Loooc, Dumaguete, 1996 (larawan kay Zayas). 2) Panihod, at 3) Panapok (kay Calderon-Hayhow ang parehong larawan). [Halaw sa Ushijima & Zayas 1994:458]

Ang atob ay mula sa ideya na para mahuli ang isda, kailangang kanlungin ang isda sa isang 'ligtas' na lugar o *fish shelter*. *Atob-atob* ang tawag sa maliit na atob. Ito ay isang fish shelter o FAD) (fish aggravating device). Tinutumpok ang mga bato sa baybay kapag kati (low tide) (Fig. 2). Pinararaan ang ilang araw bago ito gibain kung kati na upang mahuli ang mga nananahan dito. Sa lampas-tuhod na tubig sa dagat, itinatayo naman ang *panihod*. Sa isang bahagi ng tumbok ikinakabit ang sihod (mula sa sahod) o basket na yari sa kawayan. Binubulabog ang isda para tumakas patungo dito sa sihod (kaya sahod). Ito ang pinakasimpleng bersyon ng taun ng isang atob na yari sa pader na bato. Nabubulabog ang isda patungong basket kapag sinisira na ang tumpok na bato. May isa pang bersyon nito sa malalim na dagat naman kung tawagin ay *panagapok* o *pangatob*. Ang mga salitang ito ay mula sa paN+ tapok from paN, instrumental affix, at tapok 'tumpok;' at ang pangatob > paN + atob mula atob 'tumpok na bato.' Para makagawa ng fish shelter, aayusin ng apat o limang maninisid ang tumpok ng bato sa 2.5 fathom ng tubig. Itong tumpok ay may taas na dalawang metro at 2.5 na diametro. Nag-iiba-iba ang sukat, ibig sabihin, habang lumalalim ang tubig, lalo namang nagiging malaki ang tambak. Kapag naayos na ang tapok o atob, pinapabayaan muna ito para makaipon ng isda. Sa araw ng pangapok, mula sa maliit na bangka inihahagis ang dobleng lambat para masakop ang tapok. Kapag matatag nang naiangkla sa ilalim ang lambat, babaklasin ng limang maninisid ang tapok at ihahagis ang mga bato sa labas ng lambat. Lalangoy papunta sa lambat ang mga isda. Pagkatapos na maalalis lahat ng bato, mabilis na hihilahin ang lambat papunta sa bangka. Aayusin ulit ang mga bato sa kalapit na lugar sa isa na namang linggo ng pangapok.

Mula sa salitang ugat na *sihod*, basket na yari sa kawayan o yantok, na kuwadrado ang ilalim, at pambitag sa isdang binulabog mula sa tumpok ng bato, tulad ng fish shelter (kanlungan ng isda). Kapag kati, binabaligtad ang mga bato para bulabugin ang isda papunta sa basket na nakalatag sa ilalim sa tabi nito.

Ang pinagmulan ng atob. Matatagpuan ang pinakamaraming batong bitag na pandagat sa arkipelagong Pengu sa Kipot ng Taiwan. Sinasabing ang malaking chioho ay nagmula sa pagmamasid sa mga pagtaas-baba ng dagat, asal ng isda sa iba't ibang panahon ng taas-baba ng dagat, at ang kanilang karanasan sa paggamit ng halamang-dagat bilang lambat. Higit pa, naisip nilang mangisda nang malakihan. Naging posible itong gawin nang imbitahin nila ang mga kababayan na tumulong sa paggawa ng batong bitag. *Hou teng* ang halamang ginamit ng mga taga-isla bilang lambat. Gamit ang 'halamang lambat,' ipapaligid ito ng mga mangignisda sa coral reef (takot) kapag mataas ang dagat. Kapag lumangoy papunta sa lambat ang mga isda,

magugulat sa anino nito ang mga isda at babalik sa takot, at mahuhuli na ang mga ito. Itong paraan ng pangingsda ay nakakatulad ng lambat ng mga Okinawano na tinatawag na *oikomi ryu*. Ginagamit din dati ng mga Sama d’Laut o Bajau ang katulad na paraan ng pangingsda sa Tubbathaha Reefs. Tinatawag itong paraan ng pangingsda na *binahanan* mula sa halamang bana (*Ipomoea pes-caprae*) na tumutubo sa baybayin (Fig. 3). Hinahabi ang bana para maging lubid na may habang 600-1000 metro na gagamiting pantakot. Estratehikong ibinabagsak ang lambat na may habang 200-3000 metro malapit sa pangkat ng isda. Pagkatapos, ang bana, na binanat ng tatlong lepa, ay ibabagsak paharap sa medyo pabilog na *linggi*. Hihilahin pagkaraan ng mga maninisid ang bana palapit sa linggi habang pinapatama ito sa tubig.

Makikita ang *atol* sa marahil ay pinakaunang nalimbag na teksto tungkol sa mga pangisdang bitag sa Pilipinas. Mula sa isang entri ng 1711 na *Vocabulario de la lengua bisaya* ni Mateo Sanchez, pangisdang bitag sa ilog ang ibig sabihin nito. Pero mga 60 taon bago kay Sanchez, inilarawan ni Alcina ang nakakatulad na salitang *atub*, na isang bitag para sa malalaking hayop (sinipi kay Scott 1994:44), o isang kasangkapang pambitag. Inilarawan pa ito ni Alcina bilang kasangkapang may makipot na daanang may tulos at bitag sa pagitan ng mga tulos, at kung may magagamit na bato, ilalagay ito sa ibabaw bilang dagdag na pabigat, na ibibitin at mahuhulog kapag natapakan o hinawakan ang mas maliit na patpat, na tinatawag nilang *gisui*, kaya mahuhuli ang buwaya sa ilalim at madadaganan ng pabigat (Alcina 2001:135, sa banggit ni Scott 1944). Sa kasalukuyang wika ng Pilipinas, ang bitag sa isda na atol ay kilala rin ngayong hiram na salitang Ingles, *atoll*: pabilog na mga batong koral na nakapaligid sa lawa-lawaan. Ang *atob*, *atog*, *antol* at kauri, sa kabilang banda, ay inilalarawang mga tumpok ng mga batong koral sa patag na baybayin para makahuli ng isda sa pagkati ng tubig. Ang imahe ng *atoll* at ng *atol* o *atob*, ayon sa pagkakarawan ay hindi nagkakalayo sa isa’t isa. Ang dalawang Español na sinipi sa itaas ay isang nakakatuwang anggulo ng tunay na kalikasan ng bitag. Ang *atol* ng dagat at ang *atub* ng latian ay nagpapahiwatig ng mga ideya tungkol sa totoong katangian ng teknolohiya ng bitag na puwedeng magbigay ng pahiwatig sa teorya ng pinagmulan ng mga kasangkapan sa paghuli ng hayop sa hanay ng mga tao sa Pilipinas bago dumating ang mga Español. O siguro, tumutukoy ito tungkol sa tradisyon sa kultura kaugnay ng bato at ang relasyon ng kasangkapang bitag sa lupa at kasangkapang bitag sa dagat. Iminumungkahi ito ng isang teorya na nagsasabing ang kulturang Megalitiko ay nanggaling sa kabundukan ng Timog Silangang Asya noong Panahong Megalitiko. Ang batong bitag sa dagat ang maritimong katapat ng megalitikong kultura sa lupa. Babalikan ko mamaya ang puntong ito.




Figure 3. Ang binahanan at ang pagkakahawig nito sa oikomi ryo.

Ang kumon. Batay sa nalaman namin sa Panay, napakahalagang pamana ang atob at pook na kaaalaman natin sa sistema ng pakikinabang dito. Sa bayan ng Tinigbas sa isla ng Panay, pinagkasunduan na hindi puwedeng angkinin ng sinuman ang *atog*. Sa totoo lamang, ang mga takot (reefs) o mga intertidal flat (bahagi ng baybayin na lumilitaw kapag kati) ay pag-aaring kumon ng bayan. Ang ‘aksidental’ na pag-iral ng batong bitag sa dagat na nasa baybayin ay hindi ibig sabihin ng pagmamay-ari ng lugar na kinalalagyan ng bitag. Oo nga at puwedeng sabihin ng gumawa ng bitag na siya ang gumawa nito, pero hindi niya puwedeng sabihing kanya ang lugar na kinatatayuan nito. Pero ang lugar ng bitag (catchment) na tinatawag na *taun* at ang mga batong ginamit sa pagtatayo ng bitag ay puwedeng ariin ng nagtayo, kaya parang siya ang nagmamay-ari dahil puwede siyang manghuli sa kanyang *taun*, at kung gugustuhin niya, maibebenta niya ang mga bato. Sa ilang kaso, pinupulot lang ang mga bato at magagamit muli sa paggawa ng bagong *atog*. Siguro, ang ideya ay kung anuman ang maiwan sa pook na kumon ay magagamit ng iba kung nawalan na ng interes ang dating nagmamay-ari at iniwan na ang mga ito.

Sa ating pag-aaral sa mga mangingisdang *payao* sa Bajo de Masinloc, sinabi sa atin na bago ipagbawal ng mga bangkang patrol ng mga Tsino ang pagpasok sa shoal, ang mga mangingisda mula sa Taiwan, Vietnam, at Hainan ay magkakasamang nangingisda nang walang nangyayaring gulo. Sa katotohanan, may sariling sikap at tulongan na nangyayari doon. Halimbawa, kapag hindi pa dumarating ang suplay ng bigas ng mga Filipino, humihiram sila sa mga Tsino na nagbibigay naman ng isang sako ng bigas. Bilang bayad, nagbibigay naman ng dalawang banyera ng sari-saring isda ang mga Filipino. Walang usapan dahil walang wikang kumon kundi muwestrahan lamang. Ginagawa ng bawat grupo ang gawain nang hindi ginugulo ang bawat isa. Patunay itong walang isang grupo ng mangingisda ang umaangkin sa dagat. Itong halimbawa ng kumon sa karagatan ay talagang karapat-dapat na maiulat dahil inaangkin ng Tsina ang shoal na sakop ng EEZ (exclusive economic zone).

Sa Gigantes (Zayas 1994) ng Hilagang Silangang Iloilo, ipinapangalan sa may-ari ang mga *atob*. Puwedeng gumawa ng *atob* ang sinuman, basta hihingi siya ng permiso sa punong bayan. Itinayo muli ni Vicente Sy ang *atob* ng isang taong namayapa na. Sang-ayon sa kanya, natatandaan niya noong bata pa siya bago ang Pangalawang Digmaang Pandaigdig na may ilang *atob* na sa Gabi Bay, Gigantes Sur Island. Isang araw, isang bumibiyaheng mangingisda, si Felimon, ang nagsabi sa kanyang maraming hito o igat ang nahuli ng kanyang bitag. Dala ang lambat, nilusong nila ang bitag at nakahuli ng tatlong kahon (mga 35 kilogramo kada kahon, o 105

kilogramo) na puno ng hito o igat. Ibinahagi ni Felimon ang isang kahon sa nagdaraang tao habang ipinalit niya ang iba sa limang kilogramo ng bigas.

Sa loob man ng atob o sa loob ng takot, ang may ari ng atob at ang mga magkakasamang nangingisda sa takot ay nagbibiyaaan ng isa't isa. Ito ay hindi lamang makikita sa mga ganitong gawain, makikita rin ito sa mga nagsinsuro sa baybay. Kapag napadaan ang sinuman o kayang tumulong sa paghila ng tali, bawat isa ay may pang-ulam o pagkaminsan ay may pambenta pa.

Aral ng dagat

Ano ba ang aral na mapupulot natin bilang mamamayang tulad ng isda. Kung babalik-tanawin ang sinaunang kaugalian, halos magkakatulad ang mga taong dagat, tulad ng mga Mawe at ng mga Bajau. Wika nga nila: “May kasabihan sa mga Mawean ng Dagat Andaman na kapag inilubog mo ang sarili sa tubig ay maririnig mo ang boses ng mga ninuno mo. At kapag nagsalita sila, makinig ka nang tahimik sa kanilang karunungan” (Shaharil 2000). Ang mga sumusunod ay ilan sa aking nakalap sa loob ng 30 taong pagrereserts sa Japan, Pilipinas, Taiwan, at Sabah.

Tao. Ang Badjau bilang kaminerong dagat, at tagapagdala ng relief at impormasyon, isang alternatibong plano para sa paglunas sa disaster at marhinalisasyon ng mga etniko. Dahil sa digmaan at kahirapan, nakapag-ambag at may potensiyal silang maging nabigador sa dagat, subalit hindi nakikitang tagapangalaga, lalo na sa pananaw ng gobyerno na ang turing sa mga Badjau ay bumaba nang husto bilang isa pang pasanin na kailangangbigyan ng tulong. Ang kawalan ng pagkilos ng gobyerno sa pagbabahagi ng mga kailangang produkto at serbisyo, lalo na sa karagatan, ay talagang halatang-halata. Ang mga bayan sa baybayin na winasak ng napakalakas na bagyo, tulad ng Yolanda, ay mas mabisang mabebenepisyuhan ng relief good na galing sa lahat ng dako kung may mabisang plano ng pagbibiyaheng nitong mga produkto sa mga daanan sa dagat na nag-uugnay sa mga isla at baybayin. Ang mga Badjao, bilang ating historikal na magdaragat at tagapagdala ng relief at impormasyon sa panahon ng disaster, ay tiyak na makakatulong sa tila walang-kalutasang problema sa pagharap at pagtugon sa disaster, lalo na sa pangangailangan sa alternatibong estratehiya sa organisasyon at mobilisasyon ng mga ugnayang impormal. Ang historikal na papel ng mga Badjao bilang tagapangalaga at tagadala ng impormasyon dahil sa kanilang kabihasaan sa mundong maritimo, tinutukoy ang pag-unawa ng tao sa kalikasan, gawaing napatunayang bihasa ang mga Badjao, na hindi matatawaran, tulad din ng inobasyong teknolohikal na magpe-predict at kokontrol sa disaster. Isang estratehikong plano ng aksyon

– na kinabibilangan ng sensitibidad na antropolohikal, kabatirang historikal, at kritikal na kamalayang maritimo – ang nakalatag para bigyang-hugis itong napapanahong reserts sa mitigasyon at relief para sa disaster. Dahil sa katotohanan, hindi pabigat sa gobyerno ang mga taong dagat, kundi yaman nitong bansang arkipelago na lubhang kailangan ng master plan para sa disaster.

Balik-dagat para mabawasan ang trapik at tao sa kalakhang Maynila.

Noong unang panahon, estero, ilog, at dagat ang daanan ng mga sasakyang nagdadala ng kalakal at tao sa sentro ng Maynila. Sa pagtalikod natin sa daang tubig, naging limitado ang landas habang dumami naman ang kabahayan at populasyon. Samakatuwid, naglaho ang ‘tawiran,’ daungan, pantalan, o piyer. Naging katumbas nito ngayon ang mga kalye, highway, at hintuan ng bus at jeepney. Ang kaayusang ito ay walang pagkakataong lumuwak, bagkus, pataas na lamang siguro ang expansion. Puwede namang lumuwang ang kinabuhi ng taga-Metro Manila at karatig, kung mapaparami ang ferry sa Pasig at dadagdagan ang daungan ng ganitong network. Maaari ding buksang muli tradisyunal na daungan o pantalan sa mga baybaying probinsiya. Ito ay magdudulot ng panibagong sentro ng komersyo, edukasyon, industriya o kahit rebolusyong agrikultural. Magagawang asul na highway ang dagat at ilog. Mapapangalagaan na muli ang kapaligiran at lilinis ang dagat, dadami ang lamang dagat.

Mula sa konsyumer ng kotse tungo sa paggawa sa kamay na sasakyang pandagat.

May kakayahang lumikha ang mga Filipino ng sasakyang dagat. Karamihan sa karpintero ng bahay ay nagmula sa pagkakarapintero ng bangka. Ang paggawa ng bangka ay magbubunga ng rebulasyon sa industriya ng *boat-building* sa buong bansa. Dahil nakatuon ang ating mobility ngayon sa dagat, magpapalit ang ating kalendaryo patungo sa pagpapahalaga sa panahong amihan at habagat, bagyo, at lalo na sa climate change. Ito ay natural na pagbabago.

Huling salita

Dominante ang papel ng dagat noon sa buhay at kamatayan ng Filipino. Kaya nga’t ang mga sinaunang tao ay malimit maglayag, at may mataas na paniniwala na ang bangka ang magtatawid ng kaluluwa sa kabilang buhay. Ang impluwensya ng tubig ay malaki rin sa kanilang mga wika, na ang terminong isda ay may dalawa o kahit tatlong kahulugan: isda, ulam, at karne. Mga katagang nagpapahiwatig na ang sahog o ulam ay talagang galing sa tubig alat, na siya namang nagbibigay-lasa sa matabang na kanin. Nabuo ang ilan sa ating mga bayan-bayanan dahil na rin sa paglalayag upang

maghanap-buhay ang mga sinaunang tao. Kapag naibigan ang isang lugar, wika nga ng mga mangingisda sa dagat, doon sila nananatili at kalaunan ay nagtatayo na rin ng kanilang komunidad. Buháy sa kasalukuyang panahon ang nasabing kaugalian ng maraming Bisaya at Bajau o Sama dlaut. Ang dagat din ang nagturo na walang kasiguruhan dito kaya't ugali rin ng mandaragat na ang huli at lugar ng pangisdaan ay ibinabahagi sa kapwa mandaragat. Dito galing ang ideya na ang dagat ay kumon. Ang sinumang gagamit sa dagat ay meron ding katungkulan na alagaan ito.

Pasasalamat

Ang malaking bahagi ng artikulo ay isinalin ni Prof. Romulo Baquiran. Nagpapasalamat ako sa kanyang tulong. Walang kinalaman si Prof. Baquiran sa kung anuman ang mali o kakulangan sa sinulat ko.

Mga Sanggunian

- Caccam, Josephine. (1965). The UP Department of Anthropology, 1914-1965. In Mario Zamora (Ed.), *Studies in Philippine Anthropology: In Honor of H. Otley Beyer* (pp. 7-8). Quezon City: University of the Philippines Press.
- Hayhow, Mary Jane Calderon. (1994). Fishing culture of fishermen in Barrio Ajong, Sibulan, Negros Oriental. In Iwao Ushijima and C. N. Zayas (Eds.), *Fishers of the Visayas: Visayas Maritime Anthropological Studies I, 1991-1993* (pp. 458-459). Quezon City: College of Social Sciences and Philosophy Publications Office and University of the Philippines Press.
- Juanico, Meliton B. (2015). Commentary: Geographic illiteracy and Filipino apathy, *Philippine Daily Inquirer*. From <http://opinion.inquirer.net/87112/geographic-illiteracy-and-filipino-apaty>, accessed 15 October 2015.
- Shaharil, Talib. (2000). The Historical Role of the Seas in the Malay World. Paper presented at the Workshop History Agenda 21, SEAMCO Regional Center for History and Tradition, Yangon, Myanmar, 14-15 December 2000.
- Ushijima, Iwao and C. N. Zayas (Eds.), *Fishers of the Visayas: Visayas Maritime Anthropological Studies I, 1991-1993*. Quezon City: College of Social Sciences and Philosophy Publications Office and the University of the Philippines Press.
- Zayas, Cynthia Neri. (2014). Labuan in the strands of Sitangkai: Howa moorage became a gateway. In Rila Mukherjee (Ed.), *Vanguards of*

- Globalisation: From Port-Cities from the Classical to the Modern* (pp. 231-249). New Delhi: Primus Books. Zayas, Cynthia Neri. (2013). Bajau. In Steven Danver (Ed.), *Native Peoples of the World: An Encyclopedia of Groups, Cultures, and Contemporary Issues*. New York: M.E. Sharpe.
- Zayas, Cynthia Neri. (2011). Describing stewardship of the common sea among atob fishers of the Pacific Rim Islands: Cases from Japan, Taiwan and the Philippines. *South Pacific Studies*, 31(2):71-80.
- Zayas, Cynthia Neri. (2009). *Bato nga tinumpok*: Stone tidal weirs as representations of *kabilin*, knowledge heritage, and cultural landscapes. *AghamTao* 18:24-33.
- Zayas, Cynthia Neri. (2004). *Atob* and *bato*- Two sides of Philippine lithic tradition: Studies in Philippine stone tidal weir. *Pilipinas*, 43(55-70).
- Zayas, Cynthia Neri. (1998). Tungo sa maritimong oryentasyon sa pag-aaral ng lipunan at kulturang Pilipino (Towards maritime orientation in the study of Philippine Society and culture). In Jay Batongbakal (Ed.), *Archipelagic Studies: Charting New Waters* (pp. 95-104). Quezon City: University of the Philippines Press and the U.P. Center for Integrative and Development Studies.
- Zayas, Cynthia Neri. (1994). Pangayaw and tumandok in the maritime world of the Visayan islands. In Iwao Ushijima and C. N. Zayas (Eds.), *Fishers of the Visayas: Visayas Maritime Anthropological Studies I, 1991-1993* (pp. 75-131). Quezon City: College of Social Sciences and Philosophy Publications Office and the University of the Philippines Press.

Si Cynthia Neri Zayas ay Direktor ng Center for International Studies ng Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

Email: chim.zayas@gmail.com